

THE FEAST OF THE PRESENTATION OF THE LORD

February 2—Feast

God goes to Church

The various names, meanings, and traditions overlapping in today's Feast churn like the crystals in a kaleidoscope, revealing one image and then another with every slight rotation of the tube. The Presentation of the Lord in the Temple is, rotate, also the Purification of Mary. But, rotate, it's also known as the Meeting of the Lord in the Christian East. And, rotate, it's also the Feast of Candlemas, marking forty days after Christmas, the end of that liturgical season. The multiple names and meanings of today's Feast have given birth to surprisingly broad and varied cultural expressions. The biblical account of the Presentation is the source for the "two turtle doves" in the carol "The Twelve Days of Christmas," for the sword piercing Mary's Immaculate Heart in Catholic iconography, for the Fourth Joyful Mystery of the rosary, and for the Canticle prayed by all the world's priests and nuns every single night of their lives. The Presentation is even the remote source of the frivolous American folkloric tradition of Groundhog Day.

Behind all of these names and meanings are, however, a few fundamental theological facts worth reflecting upon. The Lord Jesus Christ, forty days after His birth, in keeping with the biblical significance of the number forty and with Jewish custom, was presented in the temple in Jerusalem by His parents, Mary and Joseph. Saint Luke's Gospel recounts the story. After the Presentation, Jesus was to enter the temple again as a boy and later as an adult. He would even refer to His own body as a temple which He would raise up in three days. Jesus's life was a continual self-gift to God the Father from the very beginning to the very end. His parents did not carry their infant Son to a holy mountain, a sacred spring, or a magical forest. It was in His temple that the God of Israel was most present, so they brought their son to God Himself, not just to a reflection of Him in nature.

The extraordinarily beautiful temple in Jerusalem, the very building where Jesus was presented by His parents, was burned and destroyed by a powerful Roman army under the future Emperor Titus in 70 A.D. It was never rebuilt. A tourist in Rome can, even today, gaze up at the marble depictions of the sack of the Jerusalem temple carved on the inside vaults of the Arch of Titus in the Roman Forum. Christianity has never had just one sacred place equivalent to the Jewish Temple or the Muslims' Kaaba in Mecca. Our faith is historical, yes, but it has a global reach which does not allow it to be planted in just one culture or just one location. Christ is destined for all cultures and all times. Every Catholic church with the Blessed Sacrament is a Holy of Holies, which fully expresses the deepest mysteries of our faith. There is no strict need to go on pilgrimage to Rome or to Jerusalem once in your life. But you do have to go on pilgrimage to your local parish once a week for Mass. Every Catholic church in every place, not just one building in one place, encompasses and transmits the entirety of our faith. God's hand must have been involved in the headship of the Church migrating from Jerusalem to Rome in the first century. Our Pope does not live in the historical cradle of the faith he represents, because Saint Peter saw no need to remain in Jerusalem in order to be faithful to his Master. The Church is where Christ is, Christ is in the Holy Eucharist, and the Holy Eucharist is everywhere.

We go to church, as the Jews went to their one temple or to their many synagogues, because God is more God in a church. And when we experience the true God, we experience our true selves. That is, we are more us when God is more God. God is interpreted according to the mode of the interpreter, when He is sought in a glowing sunset, a rushing waterfall, or a stunning mountain. In nature, God is whoever the seeker wants Him to be. In a church, however, God is protected from misinterpretation. He is surrounded and protected by His priests, saints, sacraments, music, art, and worship. In a church, God is fully clothed, equipped, and armored. He can't be misunderstood. So we go to find Him there, to dedicate ourselves to Him there, and to receive Him there in His Body and in His Blood.

Lord Jesus, as an infant You were brought to the temple by Your parents out of religious duty. Help all parents to take their duties to God seriously, to inculcate their faith in the next generation by their words and by their actions, so that the faith will be handed on where the faith is first learned – in the family and in the home.

Source: https://mycatholic.life/saints/saints-of-the-liturgical-year/february-2-presentation-of-the-lord-feast/

IKA-2 NG PEBRERO, MIYERKULES IV

KAPISTAHAN NG PAGDADALA SA PANGINOON SA TEMPLO

Panalangin sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.
— At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN

Antipona: **Halina at sambahin ang Panginoon ng sangnilikha; pumapasok siya sa kanyang banal na templo.**

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa ‘ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati’t kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.
(Uulitin ang Antipona)

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.
(Uulitin ang Antipona)

Tayo ay lumapit, sa kanya’y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati’ y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.
(Uulitin ang Antipona)

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang.
(Uulitin ang Antipona)

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan."
(Uulitin ang Antipona)

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan.
Amen.
(Uulitin ang Antipona)

AWIT

Tayo ay naghahasik, binhi sa kabukiran,
Ito'y tinutubigan, ng Diyos na mapagmahal,
Padalang sikat-araw, upang binhi'y mag-uhay,
Ula't hamog ay dulot, may hanging pang-amihan.

Siya ang Manlilikha, lahat ay kanyang gawa,
Malayo ma't malapit, di maikakaila,
Kahit kulay ng rosas, liwanag man ng tala,
Siya ang nagbibigay, alay na pagpapala.

Ga'no pa kaya tayo, na kanyang mga anak,
Pagkaing kaloob n'ya, bawat araw ay sapat,
Kaya po, aming Ama, sa iyo'y pasasalamat,
Sa buhay, kalusuga'y biyayang matatanggap.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Nakahanda ako ngayon, O Diyos, ako ay handa na.**

Salmo 108

(Pagpupuri sa Diyos at paghingi ng tulong)

Nahahanda ako ngayon, O Diyos, ako ay handa na,
Na magpuri at umawit ng awiting masisigla,
Gumising ka, kaluluwa, gumising ka at magsaya!
Gumising ka't tugtugin mo yaong lumang lira't alpa;
Tumugtog ka at hintayin ang liwayway ng umaga.

Sa gitna ng mga bansa kita'y pasasalamatan,
PANGINOON, ikaw'y pupurihin sa gitna ng mga hirang.
Pag-ibig mong walang maliw ay abot sa kalangitan,
Nadarama sa itaas ang lubos mong katapatan.
Sa langit ay ilagay mo ang taglay mong kabantuga't
Dito naman sa daigdig ay ang iyong kaningningan.

Sa taglay mong kalakasan kami sana ay iligtas,
Upang kaming iyong lingkod ay hindi na mapahamak;
Dinggin mo ang dalangin ko kapag ako'y tumatawag.
Sinabi nga nitong Diyos mula sa tronong luklukan,
"Hahatiin ko ang Siquem, bilang tanda ng tagumpay,
Paghahati-hatiin ko ang Sucot na kapatagan,
Matapos na gawin ito'y ibibigay sa hinirang.

Ang Galaad at Manases, dal'wang dakong ito'y akin,
Magsisilbing baluti ko itong lugar ng Efraim;
Samantalang itong Juda ay setrong dadakilain.
Ang Moab ay isang lugar na gagawin kong hugasan,
Samantalang itong Edom ay lupa kong tatapakan;
Akala ng Filistia tiyak siyang magdiriwang,
Sapagkat ang iniisip ako'y pagtatagumpayan."

Sino kaya ang sasama sa lakad ko, PANGINOON?
Sa lungsod na mayroong kuta, sino'ng maghahatid ngayon?
Sino kaya'ng magdadala sa akin sa lupang Edom?
Kung kami ay itinakwil, hindi mo na alintana,
Paano ang hukbo namin kung ikaw ay di kasama?

O Diyos, kami'y tulungan mo sa paglaban sa kaaway,
Pagkat ang tulong ng tao ay walang kabuluhan.
Kung ang Diyos ang kasama, kasama sa panig namin,
Matatamo ang tagumpay, ang kaaway tatalunin.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Nakahanda ako ngayon, O Diyos, ako ay handa na.**

Antipona 2: **Dinamtan ako ng Panginoon ng pagpapala at kaligtasan.**

Awit: Isaias 61:10 – 62:5
(Ang ligaya ng propeta sa pangitain ng bagong Jerusalem)

Pinuspos ako ng PANGINOON ng kanyang Espiritu,
Anaki'y dalagang gayak ay pangkasal,
Siya'y parang dinamtan ng kaligtasan at pagtatagumpay.

Kung paanong ang binhi ay tiyak na tutubo at sisibol,
Gayon ang pagliligtas ng PANGINOON
Sa bayang kanyang hinirang.
Dahil dito, lahat ng bansa ay magpupuri sa kanya.

Magsasalita ako para lumakas ang loob ng Jerusalem.
Hindi ako tutugot hangga'y hindi siya naililigtas,
Hangga't ang tagumpay niya ay hindi nagliliwanag
Na tulad ng sulo sa gabi.

Ang lahat ng bansa'y pawang makikita ang iyong tagumpay,
At mamamalas ng lahat ng hari ang iyong kadakilaan,
Ikaw'y tatawagi't bibigyan ng PANGINOON ng bagong pangalan.
Ikaw ay magiging magandang korona sa kamay ng Diyos,
Korona ng PANGINOON na nakalulugod.

Hindi ka na tatawaging "Itinakwil",
Ni ang lungsod mo'y hindi rin tatawaging "Asawang Pinabayaan."
Ang itatawag sa iyo'y "Kinalulugdan ng Diyos"
At ang lupain mo'y tatawaging "Maligayang Asawa"
Pagkat ang Diyos ay nalugod sa iyo,

At sa lupain mo, siya ay magiging tulad ng asawa.
At ikaw, Israel, ay ituturing niyang kasintahan,
Ang manlilikha mo'y pakakasal sa iyo.
Kung gaano kaligaya ang kasintahang lalaki
Sa araw ng kanyang kasal,
Gayon magagalak sa iyo ang Diyos.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Dinamtan ako ng Panginoon ng pagpapala at kaligtasan.**

Antipona 3: **Aking aawitan ang Diyos habang ako'y buhay.**

Salmo 146

(Ang nagtitiwala sa Diyos ay nakatatalos ng kaligayahan)

O kaluluwa ko, ang Diyos papurihan!
Pupurihin siya't aking aawitan;
Aking aawitan habang ako'y buhay.

Sa mga pangulo'y h'wag kang manghahawak,
Kahit na kaninong di makapagligtas;
Kung sila'y mamatay, balik sa alabok,
Anumang balangkas nila'y natatapos.

Mapalad ang tao, na ang kanyang Diyos
Na laging katulong ay ang Diyos ni Jacob;
Sa Diyos na PANGINOON, umaasang lubos.
Sa Diyos na lumikha niyong kalangitan,
Ng lupa at dagat, at lahat ng bagay
Ang kanyang pangako ay maaasahan.

Panig sa naaapi, kung siya'y humatol,
May pagkaing handa, sa nangagugutom.
Pinalaya niya ang mga nabihag;
Isinasauli, paningin ng bulag;

Lahat ng inapi ay itinataas,
Ang mga hinirang niya'y nililingap.
Isinasanggalang ang mga dayuhang
Sa lupain nila'y doon tumatahan;

Tumutulong siya sa balo't ulila,
Masamang balangkas pinipigil niya.
Walang hanggang Hari, ang Diyos na PANGINOON!
Ang Diyos mo, Sion, ay mananatili!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Aking aawitan ang Diyos habang ako'y buhay.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Deuteronomio 4:39-40a)*

Dapat ninyong malaman na sa langit at sa lupa'y walang ibang diyos liban sa PANGINOON. Kaya nga, dapat ninyong sundin ang kanyang mga utos at tuntuning sinasabi ko sa inyo ngayon.

TUGUNAN

Pupurihin ko ang Panginoon, habang ako'y nabubuhay.
— Pupurihin ko ang Panginoon, habang ako'y nabubuhay.

Ang aking mga labi'y laging aawit ng papuri,
— habang ako'y nabubuhay,

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Pupurihin ko ang Panginoon, habang ako'y nabubuhay.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: **Nang dalhin si Hesus ng kanyang mga magulang sa templo, kinalong siya ni Simeon sa kanyang mga bisig at nagpuri sa Diyos.**

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Nililiwanagan tayo ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang salita at tumawag tayo sa kanya nang may wagas na pag-ibig:

Hari ng walang hanggang kadakilaan, kami'y pakinggan.

Pinagpala ka, ang Simula at Wakas ng pananampalataya namin,
— dahil tinawag mo kami mula sa kadiliman
upang manahan sa liwanag na di nagmamaliw.

Tinulutan mong makakita ang bulag at ang bingi ay makarinig,
— tulungan mo kami sa kawalan namin ng pananalig.

Panginoon, panatilihin kaming kaisa mo sa pag-ibig,
at pagbuklurin ang aming pamayanan,
— huwag hayaang kami'y ilayo sa isa't isa dahil sa alitan.

Dulutan kami ng lakas sa sandali ng tukso, at tatag sa itna ng pagsubok,
— at sa panahon ng kasaganaa'y magkaroon ng kababaang-loob.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama,
ang iyong Anak na si Hesukristo
ay naging tao para sa amin,
at dinala sa templo.
Palayain nawa niya mula sa kasalanan
ang mga puso namin
at akayin kami sa iyong piling
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen.

Panalangin sa Takipsilim

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

O sambahin ang hari, na makapangyarihan,
Tagapagtanggol natin, at ang tanging sanggalang,
O ipagbunyi natin, kanyang kaliwanagan,
Sa gitna man ng dilim, siya'y papupurihan.

Ang daigdig na ito, ay nilikha ng Diyos,
Ayon sa kanyang plano, na di kayang matarok,
Ano'ng dila'ng uusal, sa biyaya n'yang dulot
Kahit sa kalikasa'y dumadaloy ang handog.

Sa 'yo nagtitiwala, di kami binibigo,
Awa mo ay sagana, sa 'mi'y di lumalayo.
Lakas nami't pag-ibig, alay nami'y pagsuyo.
Ang lagi kang sambahi'y kasiyahan ng puso.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Panginoon, kamangha-mangha ang karunungan mo, di kayang unawain ng isip ko.**

Salmo 139:1-18, 23-24
(Nakikita ng Diyos ang lahat)

I

Ako'y iyong siniyasat, batid mo ang aking buhay,
Ang lahat kong lihim, PANGINOON, ay tiyak mong nalalaman.
Ang lahat ng gawain ko, sa iyo ay hindi lingid,
Kahit ikaw ay malayo, batid mo ang aking isip.
Ako'y iyong nakikita, gumagawa o hindi man,
Ang lahat ng gawain ko'y pawang iyong nalalaman.

Di pa ako umiimik, yaong aking sasabihi'y
Alam mo nang lahat iyon, lahat ay di malilihim.
Ika'y laging kapiling ko, katabi ko oras-oras,
Ang likas mong kalakasan ang sa aki'y nag-iingat.
Nagtataka ang sarili't alam mo ang aking buhay,
Di ko kayang unawain iyang iyong karunungan.

Saan ako magpupunta, upang ako'y makatakas?
Sa Banal mong Espiritu'y hindi ako makaiwas.
Kung langit ang puntahan ko, pihong ikaw'y naroroon,
Sa Sheol ay naroon ka kung do'n ako manganganlong;

Kung ako ay makalipad, umiwas na pasilangan,
O kaya ang tirahan ko'y ang duluhan ng kanluran;
Pihong ikaw ay naroon, upang ako'y pangunahan,
Matatagpo kita roon upang ako ay tulungan.

Kung ang aking pagtaguan ay ang dilim na pusikit,
Padiliming parang gabi ang liwanag sa paligid;
Maging itong kadiliman sa iyo ay hindi dilim,
At sa iyo yaong gabi'y parang araw na maningning,
Madilim ma't maliwanag, sa iyo ay pareho rin.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Panginoon, kamangha-mangha ang karunungan mo, di kayang unawain ng isip ko.**

Antipona 2: **Ako ang Panginoon: sinisiyasat ko ang isipan at tinitingnan ang kalooban; aking ibinibigay kaninuman ang naaayon sa kanyang inasal.**

II

Ang anumang aking sangkap, ikaw O Diyos ang lumikha,
Sa tiyan ng aking ina'y hinugis mo akong bata.
Pinupuri kita, O Diyos, marapat kang katakutan,
Ang lahat ng gawain mo ay kahanga-hangang tunay;
Sa loob ng aking puso, lahat ito'y nakikintal.

Ang buto ko sa katawan noong iyon ay hugisin,
Sa loob ng bahay-bata doo'y iyong napapansin;
Lumalaki ako roong sa iyo'y di nalilihim.

Ako'y iyong nakita na, hindi pa man sumisilang,
Batid mo kung ilang taon ang haba ng aking buhay;
Pagkat ito'y nakatitik sa aklat mo na talaan,
Matagal nang balangkas mong ikaw lamang ang may alam.

Tunay, PANGINOON, di ko kayang matarok ang iyong isip,
Ang dami ng iyong balak ay hindi ko nababatid;
Kung ito ay bibilangin, ay sindami ng buhangin,
Sasaiyo pa rin ako kung umaga na magising.

O Diyos, ako'y siyasatin, alamin ang aking isip,
Subukin mo ako ngayon, kung ano ang aking nais;
Kung ako ay hindi tapat, ito'y iyong nababatid,
Sa buhay na walang hanggan, samahan mo at ihatid.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Ako ang Panginoon: sinisiyasat ko ang isipan at tinitingnan ang kalooban; aking ibinibigay kaninuman ang naaayon sa kanyang inasal.**

Antipona 3: **Sa pamamagitan ni Kristo ay nilikha ang lahat at siya ang may hawak ng lahat nang sa kanya'y nalikha.**

Awit: Colosas 1:12-20

(Si Kristo ang panganay na Anak ng sangnilikha at ng mga patay)

Magpasalamat kayo sa Ama,
Sapagkat minarapat niyang ibilang kayo
Sa mga hinirang na magmamana ng kaharian ng kaliwanagan.

Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman
At inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak.
Sa pamamagitan ng Anak,
Tayo'y pinalaya at pinatawad sa ating mga kasalanan.

Si Kristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita,
At siyang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha.
Sapagkat ang lahat ng nasa langit at nasa lupa,
Nakikita man o hindi,

Pati ang mga naghahari at namamahala,
Mga namumuno at may kapangyarihang espirituwal
Ay pawang nilikha ng Diyos sa pamamagitan niya at para sa kanya.
Siya'y una sa lahat, at sa kanya nasasalalay
Ang kaayusan ng lahat ng bagay.

Siya ang ulo ng simbahan na kanyang katawan.
Siya ang Una, ang panganay na Anak
Ang unang nabuhay na muli
Upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay.

Ipinasiya ng Diyos na ang kanyang kalikasan
Ay manatili rin sa Anak, at inibig niyang ang sandaigdigan
Ay makipagkasundo sa kanya sa pamamagitan ng Anak.

Sa pamamagitan ng pagkamatay nito sa krus,
Nagkasundo nga ang Diyos at ang lahat ng nilikha
Sa langit at sa lupa.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Sa pamamagitan ni Kristo ay nilikha ang lahat at siya ang may hawak ng lahat nang sa kanya'y nalikha.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

(1 Juan 2:3-6)

Nakatitiyak tayong nakikilala natin ang Diyos kung sinusunod natin ang kanyang mga utos. Ang nagsasabing, "Nakikilala ko siya," ngunit sumusuway naman sa kanyang mga utos ay sinungaling, at wala sa kanya ang katotohanan. Ngunit ang tumutupad sa salita ng Diyos ay umiibig sa kanya nang wagas. Ganito natin nalalamang tayo'y nasa kanya. Ang nagsasabing nananatili siya sa Diyos ay dapat mamuhay tulad ng pagkapamuhay ni Hesukristo.

TUGUNAN

Angkinin mo kami, Panginoon, at itangi sa iyong paningin.
— Angkinin mo kami, Panginoon, at itangi sa iyong paningin.

Pagbuklurin kami sa ilalim ng iyong kandili at angkinin.
— at itangi sa iyong paningin.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Angkinin mo kami, Panginoon, at itangi sa iyong paningin.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: **Ngayon dinala ng Mahal na Birheng Maria ang Sanggol na si Hesus sa templo. At sa patnubay ng Banal na Espiritu, kinalong ni Simeon ang sanggol sa kanyang bisig at nagpasalamat sa Diyos.**

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Purihin natin ang walang hanggang Ama na dinarakila sa buong kalangitan dahil sa kanyang awa sa kanyang bayan:

Magalak ang mga umaasa sa iyo, Panginoon.

Alalahanin mo, Panginoon, na iyong isinugo ang iyong Anak sa daigdig
upang maging Manunubos, at hindi bilang Hukom ng sangkatauhan,
— ang kanya nawang maluwalhating kamatayan ang magdala sa amin sa kaligtasan.

Hinirang mo ang mga pari upang maging lingkod ni Kristo
at tagapangasiwa ng iyong mga kamangha-manghang biyaya,
— paunlarin sila sa karunungan, pag-ibig at pananampalataya.

Tinawag mo ang mga kalalakihan at kababaihan sa kalinisan
para sa kapakanan ng iyong kaharian,
— tulutan silang masundan ang iyong Anak nang buong katapatan.

Sa simula't simula pa, niloob mong maging isa sa kasal ang lalaki at babae,
— pagbuklurin ang lahat ng mag-anak sa wagas na pagmamahalan.

Isinugo mo si Kristo Hesus sa daigdig upang patawarin ang mga sala ng tao,
— palayain sa kanilang kasalanan ang lahat ng mga yumao.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

**Ama,
ang iyong Anak na si Hesukristo
ay naging tao para sa amin,
at dinala sa templo.
Palayain nawa niya mula sa kasalanan
ang mga puso namin
at akayin kami sa iyong piling
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.**

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

**Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.**
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

**Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.**
— Amen

Panalangin sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Papuri sa iyo, O Diyos naming dakila,
Sa lahat ng mga kaloob na pagpapala.
O Hari ng mga hari, kami'y ingatan mo,
Sa ilalim ng bagwis, di kami maglililo.

Patawarin kami sa 'ming mga kasalanan
Anuman ang maling kami ang may kagagawan.
Bigyan kaming lahat ng iyong kapayapaan
Upang sa paggising, ikaw ay mapaglingkuran.

Antipona 1: **Panginoong Diyos, ikaw nawa ang aking maging tanggulan at lakas.**

Salmo 31:1-6
(Mapagtiwalang Panalangin sa panahon ng kaguluhan)

Sa iyo, O PANGINOON, ako'y lumalapit
Upang ingatan mo, nang hindi malupig;
Ang aking dalanging laging sinasambit:
"Iligtas mo ako, O Diyos na matuwid."

Sagipin mo ako, ako ay pakinggan!
Tanging kublihan ko, ako ay ingatan;
Tagapagtanggol ko't aking kaligtasan.
Tagapagtanggol ko at aking kanlungan,
Ayon sa sabi mo, ako'y patnubayan.

O aking patnubay, ako ay iligtas,
Sa patibong nila at umang na bitag;
Kupkupin mo ako at iyong ingatan,
Ang pagliligtas mo sa aki'y pakamtan;
Ikaw ang aking Diyos, na tapat at tunay.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona 1: **Panginoong Diyos, ikaw nawa ang aking maging tanggulan at lakas.**

Antipona 2: **Sa gitna ng paghihirap, sa iyo, Panginoon, ako ay tumatawag.**

Salmo 130
(Isang Panawagan mula sa paghihirap)

Sa gitna ng paghihirap, tinawag ko'y PANGINOON.
Kaya, PANGINOON, ako'y dinggin pagka ako'y tumataghoy,
Dinggin mo ang pagtawag ko't paghingi ng iyong tulong.

Kung ikaw ay may talaan nitong aming kasalanan,
Lahat kami ay tatanggap ng hatol mong nakalaan.
Ngunit iyong pinatawad, kasalanan ay nilimot,
Pinatawad mo nga kami upang sa 'yo ay matakot.

Sabik akong naghihintay sa tulong mo, PANGINOON,
Pagkat ako'y may tiwala sa pangako mong pagtulong.
Yaring aking pananabik, PANGINOON, ay higit pa
Sa serenong naghihintay ng pagsapit ng umaga.

Magtiwala ka, Israel, magtiwala sa iyong Diyos,
Matatag at di kukupas ang pag-ibig niyang dulot,
Lagi siyang nahahandang sa sinuman ay tumubos.
Ililigtas ang Israel, yaong kanyang mga hirang,
Ililigtas niya sila sa kanilang kasalanan.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona 2: **Sa gitna ng paghihirap, sa iyo, Panginoon, ako ay tumatawag.**

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

(Efeso 4:26-27)

Kung magagalit man kayo, iwasan ninyong kayo'y magkasala. Agad ninyong pawiin sa kalooban ang galit. Huwag ninyong bigyan ng pagkakataon ang diyablo.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo,
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: **Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).**

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

**Panginoong Hesukristo,
ang mga alagad mo'y iyong pinagkalooban
ng isang halimbawa ng kababaang-loob
at kahinahunan, isang gampaning madali,
isang pasaning magaan.
Tanggapin ang mga panalangin at ginawa
sa araw na ito at bigyan kami ng pamamahinga
na magpapalakas sa amin upang makapaglingkod
kami nang higit na matapat sa iyo.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.**

PAGHAYO

**Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos
ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.**
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.